SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH,
POLICY & PLANNING

Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# APPENDIX B-2: Protocol sa Kaligtasan sa Malaking Proyekto sa Konstruksyon

1. Ang anumang proyekto sa konstruksyon sa nakakatugon sa mga sumusunod na detalye ay nasasaklawan ng Protocol sa Kaligtasan sa Malaking Proyekto sa Konstruksyon ("Protocol sa LCP"), kasama ang mga pagpapagawa sa komunidad maliban na lang kung iba ang tinutukoy ng Opisyal sa Kalusugan:

    a. Para sa mga proyekto sa residensyal na konstruksyon, anumang isahang pamilya, maraming pamilya, para sa senior, para sa mag-aaral, o iba pang residensyal na konstruksyon, renobasyon, o pag-remodel na proyektong may mahigit na 10 unit.

    b. Para sa mga proyekto sa komersyal na konstruksyon, anumang konstruksyon, renobasyon, o pagpapahusay sa tenant na proyektong may mahigit 20,000 kwadradong talampakan ng floor area.

    c. Para sa konstruksyon ng Mahalagang Imprastraktura, gaya ng tinutukoy sa seksyon 16.c ng Kautusan, anumang proyektong nangangailangan ng lima o higit pang manggagawa sa lugar ng trabaho sa anumang isang pagkakataon.

2. Dapat ipatupad ang mga sumusunod na paghihigpit at ipinag-aatas sa lahat ng lugar ng trabaho ng konstruksyon alinsunod sa Protocol sa LCP na ito:

    a. Sumunod sa lahat ng naaangkop at napapanahong batas at regulasyon kasama ang ngunit hindi limitado sa OSHA at Cal-OSHA. Kung may anumang salungatan, pagkakaiba, o kakulangan sa pagitan ng o sa mga naaangkop na batas at regulasyon at/o sa Protocol sa LCP na ito, malalapat ang mas mahigpit na pamantayan.

    b. Maghanda ng bago o updated na Partikular sa Lugar na Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para matugunan ang mga isyung nauugnay sa COVID-19, magpaskil ng Plano sa site at sa lahat ng pasukan at labasan, at gumawa ng kopya ng Plano para sa mga awtoridad ng pamahalaan ng County kung hihilingin. Dapat isalin ang Plano ayon sa kinakailangan para matiyak na ang Plano ay nauunawaan ng lahat ng manggagawa na hindi nagsasalita ng wikang Ingles.

    c. Magbigay ng personal na pamprotektang kagamitan (personal protective equipment, PPE) partikular na sa paggamit sa konstruksyon, kasama ang mga guwantes, goggles, shield sa mukha, at takip sa mukha, ayon sa kinailangan para sa isinasagawang aktibidad. Hindi kailanman dapat kumuha o gumamit ang isang kontratista ng medical-grade na PPE, maliban na lang kung kinakailangan dahil sa medikal na katangian ng lugar ng trabaho. Dapat magsuot ng mga Takip sa Mukha alinsunod sa Order No. C19-8 ng Opisyal sa Kalusugan, noong Abril 18, 2020, o anumang kasunod sa naisyu o naamyendahang kautusan.

d. Tiyaking nasanay na gumamit ng PPE ang mga empleyado. Magpanatili at gumawa ng available na log ng lahat ng pagsasanay sa PPE na ibinibigay sa mga empleyado at subaybayan ang lahat ng empleyado para matiyak ang wastong paggamit ng PPE.

e. Ipagbawal ang paghihiraman ng PPE.

f. Magpatupad ng mga ipinag-aatas sa social distancing kasama ang, sa minimum na:

   i. Paghiwa-hiwalayin ang mga oras ng paghinto at pagsisimula para sa mga iskedyul ng shift para mabawasan ang dami ng manggagawa sa lugar ng trabaho sa anumang isang oras hangga't maaari.
   ii. Paghiwa-hiwalayin ang partikular sa trade na trabaho para mabawasan ang dami ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa anumang isang oras.
   iii. Mag-atas ng social distancing sa pamamagitan ng pagpapanatili ng minimum na anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga manggagawa sa lahat ng oras, maliban sa mahigpit na kinakailangan para magsagawa ng gawaing nauugnay sa proyekto.
   iv. Ipagbawal ang mga pagtitipon ng anumang laki sa lugar ng trabaho, maliban sa mga pulong sa kaligtasan o ayon sa mahigpit na kinakailangan para magsagawa ng gawaing nauugnay sa proyekto.
   v. Mahigpit na kontrolin ang "mga choke point" at "lugar na nasa mataas na panganib" kung saan hindi nagagawa ng mga manggagawa na magpanatili ng minimum na anim na talampakang social distancing at ipagbawal at limitahan ang paggamit dito para matiyak na madaling napapanatili ang anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga manggagawa.
   vi. Bawasan ang mga interaksyon at panatilihin ang social distancing sa lahat ng bisita ng site, kasama ang mga nagtatrabaho sa delivery, propesyonal sa idisenyo at iba pang tagapayo sa proyekto, kinatawan ng ahensya ng pamahalaan, kasama ang mga inspektor sa gusali at sunog, at mga residente sa residensyal na lugar ng konstruksyon.
   vii. Pagbawalan ang mga manggagawa sa paggamit ng telepono o mesa ng ibang tao. Ang anumang gamit o kasangkapan sa trabaho na gagamitin ng mahigit isang manggagawa ay dapat linisin gamit ang mga disinfectant na epektibo laban sa COVID-19 bago gamitin ng bagong manggagawa.
   viii. Maglagay ng mga istasyon sa paghuhugas o hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa mga pasukan ng lugar ng trabaho at sa maraming lokasyong nakakalat sa buong lugar ng trabaho, ayon sa kinakailangan.
   ix. Magpabatili ng log ng arawang attendance ng lahat ng manggagawa at bisita kung saan kasama ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, pangalan, address, numero ng telepono, at email.
   x. Magpaskil ng paunawa sa isang lugar na nakikita ng lahat ng manggagawa at bisita, na nagbibigay ng mga tagubilin sa mga manggagawa at bisita na gawin ang sumusunod:
      1. Huwag hawakan ang iyong mukha kung hindi ka nakapaghugas ng kamay o kung may suot kang guwantes.
      2. Madalas na maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

3. Maglinis at mag-disinfect ng mga bagay at surface na madalas hawakan gaya ng mga istasyon sa trabaho, keyboard, telepono, hawakan, makina, pinaghihiramang gamit, control botton ng elevator, at doorknob.
4. Takpan ang iyong bibig at ilong kapag umuubo at bumabahing o umubo at bumahing sa gilid ng iyong braso sa siko o manggas.
5. Huwag pumasok sa lugar ng trabaho kung ikaw ay may lagnat, ubo, o iba pang sintomas ng COVID-19. Kung pakiramdam mo ay may sakit ka, o nalantad sa sinumang may sakit, manatili sa bahay.
6. Patuloy na magpanatili ng mga distansya sa trabaho sa iba pang tauhan. Panatilihin ang inirerekomendang minimum na anim na talampakang distansya sa lahat ng oras. Kung hindi posible, magsuot ng kinakailangang PPE para sa pagtatrabaho nang malapitan sa ibang tao.
7. Huwag makipaghiraman ng mga telepono o PPE.

xi. Dapat isalin ang paunawa sa seksyon 2.f.x. ayon sa kinakailangan para matiyak na ang paunawa ay nauunawaan ng lahat ng manggagawa na hindi nagsasalita ng wikang Ingles.

g. Magpatupad ng mga kasanayan sa paglilinis at sanitasyon ayon sa mga sumusunod:

i. Madalas na hugasan at i-sanitize, alinsunod sa mga alituntunin ng CDC, ang lahat ng maraming tao o madalas hawakan na lugar kasama sa minimum ang: mga lugar ng pulong, lugar para sa tanghalian at break sa lugar ng trabaho, pasukan at labasan sa lugar ng trabaho, trailer ng lugar ng trabaho, lugar sa paghuhugas ng kamay, gamit, kasangkapan, lugar ng banyo ng lugar ng trabaho, hagdan, elevator, at lift.

ii. Magtatag ng protocol sa paglilinis at pag-decontaminate bago pumasok at lumabas sa lugar ng trabaho at ipaskil ang protocol sa mga pasukan at labasan ng lugar ng trabaho.

iii. Bigyan ang lahat ng tauhang nagsasagawa ng paglilinis at sanitasyon ng wastong PPE para maiiwas sila sa pagkakaroon ng COVID-19. Hindi dapat maghiraman ng PPE ang mga empleyado.

iv. Magtatag ng sapat na oras sa araw ng trabaho para magbigay-daan sa paglilinis at pag-decontaminate kasama ang bago magsimula o bago umalis sa lugar ng trabaho para sa araw na iyon.

h. Magpatupad ng plano sa pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19 sa komunidad bilang bahagi ng Partikular sa Site na Plano sa Kalusugan at Kaligtasan kung saan kasama sa minimum, ang sumusunod na paghihigpit at ipinag-aatas:

i. Ipagbawal ang lahat ng pag-carpool papunta at mula sa lugar ng trabaho maliban sa mga manggagawang nakatira sa parehong unit ng sambahayan, o ayon sa kinakailangan para sa mga manggagawa na walang alternatibong paraan ng transportasyon.

ii. Inaatasan ng Cal-OSHA ang mga employer na magbigay ng tubig, na dapat ay ibinibigay sa mga single-serve na lalagyan. Ipagbawal ang anumang pagbibigayan ng anumang pagkain o inumin at kung gagawin ito, dapat pauwiin ang manggagawa sa araw na iyon.

iii. Ipagbawal ang paggamit ng mga microwave, water cooler, at iba pang katulad na pinaghihiramang kagamitan.

i. Magtalaga sa lugar ng trabaho ng Opisyal sa Pagsunod sa Kaligtasan (Safety Compliance Officer, SCO) sa COVID-19 at tiyaking nakapaskil ang buong pangalan ng SCO sa Partikular sa Site na Plano sa Kalusugan at Kaligtasan. Dapat gawin ng SCO ang sumusunod:

i. Tiyakin ang pagpapatupad ng lahat ng inirerekomendang ipinag-aatas sa kaligtasan at sanitasyon hinggil sa regarding the COVID-19 virus sa lugar ng trabaho.
ii. Magsadokumento ng nakasulat na pagpapatunay na ang bawat lugar ng trabaho ay nakakasunod sa mga bahagi ng Protocol sa LCP na ito. Ang bawat nakasulat na form ng pagpapatunay ay dapat kopyahin, iimbak, at ibigay kaagad kapag hiniling ng sinumang opisyal ng County.
iii. Magtatag ng arawang protocol sa screening para sa mga darating na tauhan, para matiyak na hindi makakapasok ang isang potensyal na may impeksyong tauhan sa lugar ng konstruksyon. Kung aalis sa lugar ng trabaho ang mga manggawa at babalik din sa parehong araw, magtatag ng protocol sa paglilinis at pag-decontaminate bago pumasok at lumabas sa lugar ng trabaho. Ipaskil ang protocol sa arawang screening sa lahat ng pasukan at labasan ng lugar ng trabaho. Ang higit pang impormasyon sa screening ay makikita sa: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/index.html.
iv. Magsagawa ng mga arawang briefing nang personal o sa pamamagitan ng teleconference kung saan dapat talakayin ang mga sumusunod na paksa:
    1. Mga bagong panuntunan sa lugar ng trabaho at pagbiyahe sa lugar ng trabaho para sa mga pag-iwas sa pagkalat ng COVID-19 sa komunidad.
    2. Pagsusuri sa mga pamamaraan sa sanitasyon at kalinisan.
    3. Paghingi ng feedback sa manggagawa tungkol sa pagpapahusay ng kaligtasan at sanitasyon.
    4. Arawang koordinasyon ng site ng konstruksyon sa mga ipinag-aatas sa kalinisan/sanitasyon.
    5. Paglalahad ng updated na impormasyon hinggil sa COVID-19.
    6. Mga protocol sa emergency kung sakaling magkaroon ng pagkakalantad o pinaghihinalaang pagkakalantad sa COVID-19.
v. Gumawa at magpanatili ng pagpapatupad ng plano sa pagreremedyo para matugunan ang hindi pagsunod sa Protocol sa LCP na ito at ipaskil sa plano sa pagreremedyo sa pasukan at palabasan ng lugar ng trabaho sa panahon ng pagreremedyo. Dapat isalin ang plano sa pagreremedyo ayon sa kinakailangan para matiyak na ang dokumento ay nauunawaan ng lahat ng manggagawa na hindi nagsasalita ng wikang Ingles.
vi. Hindi dapat pahintulutang magpatuloy ng SCO ang anumang aktibidad sa konstruksyon nang hindi ipinapatupad sa aktibidad ang pagsunod sa mga ipinag-aatas na ito.
vii. Mag-ulat ng umuulit na hindi pagsunod sa Protocol sa LCP na ito sa naaangkop na supervisor sa lugar ng trabaho at nakatalagang opisyal ng County.

j. Magtakda ng Third-Party na Tagapangasiwa sa Pagsunod sa Kaligtasan sa Lugar ng Trabaho (Third-Party Jobsite Safety Accountability Supervisor, JSAS) sa COVID-19 para sa lugar ng trabaho, na sa minimum ay may sertipiko ng OSHA-30 at pagsasanay sa first-aid sa nakalipas na dalawang taon, na dapat ay nasanay sa mga protocol dito, at napatunayan ang pagsunod, kasama ang biswal na inspeksyon at mga random na panayam sa mga manggagawa, sa Protocol sa LCP na ito.
    i. Sa loob ng pitong araw ng kalendaryo ng bawat pagbisita sa bawat site ng trabaho, dapat kumpletuhin ng JSAS ang isang nakasulat na pagsusuri kung saan tinutukoy ang anumang hindi pagsunod sa LCP na Protocol na ito. Ang nakasulat na pagsusuri ay dapat kopyahin, iimbak, at madaling ipadala sa County, kapag inihiling ng itinalagang opisyal sa County.

ii. Kung matutuklasan ng JSAS na ang isang lugar ng trabaho ay hindi sumusunod sa Protocol sa LCP na ito, dapat makipagtulungan ang JSAS sa SCO para makagawa at makapagpatupad ng plano sa pagreremedyo.
iii. Dapat makipag-ugnayan ang JSAS sa SCO para ipagbawal ang pagpapatuloy ng anumang aktibidad sa trabaho na hindi sumusunod sa mga panuntunan dito, hanggang sa matugunan at sumusunod na ang nagpapatuloy na trabaho.
iv. Dapat ipadala ang plano sa pagsund sa itinalagang opisyal ng County sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula sa pagtuklas ng JSAS sa hindi pagsunod.

k. Kung sakaling magkaroon ng kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa anumang lugar ng trabaho, dapat gawin ang sumusunod:
   i. Paalisin kaagad ang may impeksyong indibidwal sa lugar ng trabaho nang may mga tagubilin sa paghingi ng medikal na pangangalaga.
   ii. Ang bawat lokasyong pinuntahan ng may impeksyong manggagawa ay dapat i-decontaminate at i-sanitize ng isang panlabas na vendor na sertipikado sa mga hazmat na paglilinis, at dapat ihinto ang pagtatrabaho sa mga lokasyong ito hanggang sa matapos ang pag-decontaminate at pag-sanitize.
   iii. Dapat abisuhan kaagad ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng County (County Public Health Department) at dapat makumpleto ang mga karagdagang ipinag-aatas ayon sa mga opisyal sa kalusugan ng County, kasama ang lahat ng pagsunod sa anumang pagsisikap sa tracing ng County.

l. Kapag nangyayari ang gawain sa konstruksyon sa isang may nakatirang residensyal na unit, ang anumang hiwalay na lugar ng trabaho ay dapat gawing selyado mula sa natitirang bahagi ng unit gamit ang mga pisikal na harang tulad ng mga plastic sheeting o saradong pintong selyado ng tape hanggang sa posible. Kung posible, dapat mapuntahan ng mga manggagawa ang lugar ng trabaho mula sa isang alternatibong pasukan/labasan na pinto maliban sa pasukan/labasan na pinto na ginagamit ng mga residente. Dapat gamitin ang mga available na bintana at exhaust fan para mahanginan ang lugar ng trabaho. Kung nakakapunta ang mga residente sa lugar ng trabaho kapag walang gumagawa rito, dapat linisin at i-sanitize ang lugar ng trabaho sa simula at pagtatapos ng mga araw ng trabaho. Dapat gawin ang lahat ng pagsisikap para mabawasan ang contact sa pagitan ng mga manggagawa at residente, kasama ang pagpapanatili ng minimum na anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.

m. Kapag nangyayari ang gawain sa konstruksyon sa mga karaniwang lugar ng isang may nakatirang residensyal o komersyal na gusali o mixed-use na gusali na ginagamit ng mga empleyado o residente sa lugar, ang anumang hiwalay na lugar ng trabaho ay dapat gawing selyado mula sa natitirang bahagi ng unit gamit ang mga pisikal na harang tulad ng mga plastic sheeting o saradong pintong selyado ng tape hanggang sa posible. Kung posible, dapat mapuntahan ng mga manggagawa ang lugar ng trabaho mula sa isang alternatibong pasukan/labasan sa gusali maliban sa pasukan/labasan sa gusali na ginagamit ng mga tao sa gusali. Dapat gawin ang lahat ng pagsisikap para mabawasan ang contact sa pagitan ng manggagawa at mga residente at gumagamit ng gusali, kasama ang pagpapanatili ng minimum na anim na talampakan ng social distancing sa lahat ng oras.